- Ang karaniwang ginagawa ay ang pagpapainom ng gamot at pag-iniksiyon ng ART sa lalong madaling panahon upang makatulong maiwasan ang pagsalin ng HIV sa sanggol.
- Ang doktor ang magpapasiya sa pamamaraan ng pagsilang na makakabawas sa panganib ng pagsalin ng HIV.
- Ang pagpapasuso ay mahigpit na pinipigilan matapos ang pagsilang.
- Ang sanggol ay dapat na patuloy na painumin ng ART at kailangang masundan ng pagtingin ng pediatrician sa loob ng ilang linggo matapos ang pagsilang, sa layunin na hadlangan at maagang matuklasan ang mga komplikasyon.
- Kapag natiyak na may impeksiyon, ang sanggol ay bibigyan ng nararapat na paggamot at kasunod na kalinga upang mapabuti ang kanyang kalusugan.

**Para sa proteksiyon ng iyong sanggol, mangyari lamang na magpasuri.**

**Kung mayroon kang karagdagang tanong tungkol sa mabilis na pagsusuri sa HIV at AIDS, mangyari lamang na kusapin ang inyong doctor o nars.**

**Ikaw ay ina-anyayahan din na makipag-alam sa aming mga tagapayo sa pamamagitan ng AIDS Hotline sa 2780 2211.**

## Para sa karagdagang impormasiyon:

**AIDS Hotline: 2780 2211**
**Website: www.aids.gov.hk**


**Red Ribbon Centre - UNAIDS Collaborating Centre for Technical Support**

Address: 2/F., Wang Tau Hom Jockey Club Clinic,
200 Junction Road East,
Kowloon, Hong Kong
Tel: (852) 3143 7200
Fax: (852) 2338 0534
E-mail: rrc@dh.gov.hk


# Mabilis na Pagsusuri ng HIV para sa

# Manganganak nang kababaihan



## Pangalagaan ang Iyong Sanggol

菲律賓文 Tagalog

## Ang layunin ng mabilis na pagsusuri ng HIV para sa manganganak nang kababaihan

Importanteng malaman ng buntis na babae ang kalagayan ng kanyang HIV bago manganak. Ang maagang pagtuklas ay magbibigay daan sa mga hakbang na magagawa upang mabawasan ang panganib na maisalin ang virus sa sanggol. Sa Hong Kong, lahat ng buntis na babae ay karaniwang sinusuri para sa HIV sa klinikang antenatal. Subalit, ang karaniwang pagsusuri sa HIV ay maaaring tumagal ng higit 1 linggo para maproseso.

Samakatuwid, para sa sino mang babae na malapit nang manganak at hindi pa nalalaman ang estado ng HIV niya, ang mabilis na pagsusuri sa HIV na tatagal lamang ng ilang minuto ang DAPAT magawa upang ang mga tamang hakbang ay maipatupad upang maproteksiyonan ang sanggol.


**Kailangang maintindihan ang AIDS, ang mga implikasyon nito at ang ibig sabihin ng mga posibleng resulta bago sumailalim sa mabilis na pagsusuri sa HIV**

## AIDS - Acquired Immune Deficiency Syndrome

- Ang AIDS ay sanhi ng Human Immunodeficiency Virus, o, HIV. Matapos pumasok sa katawan, ang virus ay dumarami at sisirain ang immune system. Unti-unti nitong pinabababa ang resistensiya ng katawan, upang bumigay ang immune system sa mapagsamantalang impeksiyon o kakaibang tumor at sa kalaunan ay makamatay.
- Ang mga ruta ng pagkakahawa ay pakikipagtalik, pagsalin ng dugo o mula sa inang maysakit papunta sa sanggol habang pinagbubuntis ito, pinapanganak o pinapasuso. Ang dami ng nahahawang sanggol sa kanyang ina ay 15% hanggang 40%.
- Ang ordinaryong kontak, kagat ng lamok o insekto ay hindi makakasalin ng HIV.

## Ano ang mabilis na pagsusuri at paano ito isinasagawa?


- Ang pagsusuring ito ay tumutuklas ng mga antibody ng HIV sa ispesimen ng dugo.
- Ang ispesimen ng dugo ay nakukuha sa pamamagitan ng fingerstick o venipuncture. May maliit na patak ng dugo na kukunin mula sa iyong daliri at ang resulta ng pagsusuri ay mababasa matapos ang 20 minuto.
- Ang resulta ng mabilis na pagsusuri sa HIV ay maaaring negatibo (-ve) o positibo (+ve).



Pagtusok sa daliri para sa pagkuha ng dugo



Ilagay ang loop (na may dugo) sa test kit




Resulta ng pagsusuri

## Mabilis na negatibong HIV (-ve) resulta

- Ang negatibong resulta ng mabilis na pagsusuri ng HIV ay nangangahulugan na ang buntis na babae ay walang HIV. Ngunit, kailangang malaman na may 'window period'. Kapag ang tao ay nahawa, ang paggawa ng mga antibody ng HIV ay maaaring di pa gaanong mataas upang matuklasan, at nagbibigay ng maling negatibong resulta, ibig sabihin ay may potensiyal na pagsalin ng virus sa sanggol.
- Ang buntis na babae na may negatibong resulta ng dugo sa HIV ay dapat patuloy na magsagawa ng gawaing pag-iingat upang proteksiyonan ang kanyang sarili at ang sanggol sa kanyang sinapupunan laban sa pagsalin ng HIV. Kasama rito ang paggamit ng condom sa pagtatalik at pag-iwas sa pakikipag-hiraman ng karayom sa mga gumagamit ng droga.

## Mabilis na positibong HIV (+ve) resulta

- Ang positibong resulta ng mabilis na pagsusuri ng HIV ay nangangahulugan na ang buntis na babae ay maaaring may impeksiyong HIV at ang sanggol ay nalagay na sa panganib ng HIV.
- Ngunit, maaari ding mangyari ang maling-positibong resulta, samakatuwid, ang ispesimen ng dugo ay ipadadala sa laboratoryo para sa karagdagang kumpirmasyon kung ang paunang pagsusuri ay nagbigay ng positibong resulta.

**Ang resulta ng Mabilis na Pagsusuri sa HIV ay ganap na kompidensiyal**

## Maagang pagtuklas – paano nito mabebenepisyuhan ang sanggol?

- Napakita sa mga pag-aaral na ang maagang pagtuklas at agarang antiretroviral therapy (ART) ay makakabawas sa pagsalin mula ina papunta sa sanggol ng HIV ng hanggang 50%, kahit na sinimulan ito habang nanganganak at itinuloy sa bagong panganak na sanggol.